

Paunawa tungkol sa Fixed amount tax reduction supplemental benefit (insufficient amount payment) sa 2025

Bilang pagsasaalang-alang sa dagdag sa gastusin dahil sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin, ito ay ibinibigay sa mga taong hindi kasama sa fixed amount tax reduction bilang pangunahing aplikante o bilang dependent atbp., at hindi rin mga head o miyembro ng mga sambahayang tumatanggap ng tulong para sa mga sambahayang may mababang kita (*).

*Ang tinutukoy na tulong para sa mga sambahayang may mababang kita ay ang mga sumusunod:

- Tulong para sa mga sambahayang exempted sa residence tax sa piskal na taong 2023 (70,000 yen)
- Tulong para sa mga sambahayang pinatawan lamang ng residence tax per capita sa piskal na taong 2023 (100,000 yen)
- Tulong para sa mga sambahayang bago lamang naging exempted sa residence tax o pinatawan lamang ng per capita rate nito sa piskal na taong 2024 (100,000 yen)

Ipinapadala ang paunawang ito sa mga sambahayang kandidato sa pagkakaloob (ayon sa resulta ng pagsusuri, maaaring hindi mapagkalooban) sa petsa ng pagpapadala. Mangyaring suriin ito kasama ng mga nakalakip, at kung ang inyong sambahayan ay tumutupad sa Mga Bagay na Panunumpa at Sasang-ayunan sa kanang bahagi ng likuran nito, isagawa ang proseso para sa pagtanggap sa pamamagitan ng "Online application" o kaya naman ay "I-mail ang kalakip na application form" nang hindi lalampas sa takdang araw ng pagsusumite na nakasulat sa itaas. Kapag nagsumite ng application form, ituturing na nanumpa at sumang-ayon sa mga bagay na nakasulat sa likuran.

Mga taong may karapatang tumanggap (insufficient amount payment II)	<u>Hanggang sa Enero 1, 2025</u>, mga taong may tirahan sa Lungsod ng Nagoya, at tumutupad sa lahat ng sumusunod na kondisyon: (1) Ang income tax amount para sa 2024 bago ipatupad ang fixed amount tax reduction at ang residence tax per income para sa piskal na taong 2024 ay parehong 0 yen (2) Hindi kabilang sa mga benepisyaryo ng fixed amount tax reduction (hindi rin kasama sa kalkulasyon bilang asawa o dependent sa parehong sambahayan) (3) Kabilang sa alinman sa: "family employee ng isang blue return taxpayer o family employee", o "May kabuuang kita na higit sa 480,000 yen" (4) Hindi isang head o miyembro ng isang sambahayang tumatanggap ng tulong para sa mga sambahayang may mababang kita
Halagang ibibigay	Tulad ng nakasaad sa application form. <u>*aabutin ng 1 hanggang 2 buwan</u> ang pagpapadala ng pera matapos ang application.

< Mga Bagay na Panunumpa at Sasang-ayunan >

***Siguruhin na basahin nang mabuti**

Sa pagsusumite ng application form (invoice) para sa Fixed amount tax reduction supplemental benefit (insufficient amount payment) sa Piskal na Taong 2025, nanunumpa at sumasang-ayon ako sa mga bagay na nakasulat sa ibaba.

- (1) Sumasailalim ako sa mga kondisyon ng pagkakaloob ng Fixed amount tax reduction supplemental benefit (insufficient amount payment) sa Piskal na Taong 2025 (Tatawaging "Ayuda" mula rito.).
- (2) Sumasang-ayon ako sa pagsasagawa ng pagkumpirma ng Lungsod ng Nagoya ng mga kinakailangang impormasyon sa Basic Resident Registration system, impormasyon sa buwis at iba pang public record, at paghingi at pagbibigay sa ibang ahensya ng pamahalaan atbp. ng kinakailangang materyales, upang suriin atbp. ang pagsailalim atbp. sa mga kondisyon ng pagkakaloob ng Ayuda.
- (3) Kung hindi makumpirma sa mga public record atbp., magsusumite ako ng mga kaugnay na dokumento.
- (4) Kung hindi makumpleto ang bank transfer sa account atbp. dahil sa kakulangan atbp. sa application form pagkatapos mapagpasyahan ng Lungsod ng Nagoya ang pagkakaloob, at hindi makontak o makumpirma ng Lungsod ng Nagoya sa taong tatanggap hanggang sa petsang Oktubre 31, 2025, sumasang-ayon ako sa pagturing ng Lungsod ng Nagoya na kinansela ang pagsusumite ng application form na ito.
- (5) Kung napag-alaman na kasinungalingan ang mga bagay na nakasulat sa application form na ito o napag-alaman na hindi ako sumasailalim sa mga kondisyon ng pagkakaloob ng Ayuda pagkatapos ipagkaloob ang Ayuda, isasauli ko ang Ayuda.
- (6) Tungkol sa personal na impormasyong nakatala sa application form na ito, sumasang-ayon ako sa mahigpit na pangangasiwa noon sa Lungsod ng Nagoya, sa hindi paggamit noon liban sa layunin ng pagkakaloob ng ayuda ng lungsod na ito, at sa pagtatabi ng nasabing impormasyon sa loob ng 5 taon.
- (7) Hindi ako tumanggap ng parehong uri ng ayuda mula sa ibang munisipalidad.
- (8) Hindi ako sabay-sabay na tumatanggap ng dalawa o higit pang ayuda kung saan hindi ko natutugunan ang mga kondisyon.

Paraan ng Pagsulat

• Kapag nagkamali sa pagsulat, mangyaring guhitan ng dalawang linya ang ibabaw ng maling naisulat, at saka isulat sa natitirang puwang ang wastong impormasyon.

Mangyaring basahin din ang likuran



Mangyaring sulatan gamit ang itim na tinta.

Huwag gumamit ng nabuburang bolpen.

令和7年度 定額減税補足給付金（不足額給付）申請書（請求書）

(宛先) 名古屋市長
以下のとおり申請します。

裏面記載の誓約・同意事項に同意の上、申請します。

1 申請・請求者

申請者	申請額
受給者の氏名	申請日 令和7年 9 月 1 日
名古屋 太郎	電話番号 日中に連絡可能な番号 090-1111-1111
住所	

※代理受給を行う場合は代理人の氏名・住所を記載してください。

2 振込先口座情報

(1) 金融機関（ゆうちょ銀行を除く）

金融機関名	支店名	分類	口座番号	口座名義（カナ）
はちまる銀行	なごや支店	普通 2. 当座	11111111	ナコヤ タロウ

(2) ゆうちょ銀行

ゆうちょ銀行	(通帳) 記号	(通帳) 番号	口座名義（カナ）
通帳・キャッシュカード の【記号・番号】を記入	12110	12345671	ナコヤ タロウ

記入された口座情報（通帳等）の写しを裏面に貼付してください

3 代理受給を行う場合（委任状）

※受給者以外の口座に振込を希望する場合に限り、記入してください。

記入日 令和7年 月 日		
受給者	受給者の氏名	受給者の住所
代理人	代理人の氏名	代理人の住所
電話番号	—	—
受給者との関係	1. 親族 2. 法定代理人 3. その他	

「3」はコールセンターへ連絡

電子申請をご利用ください。

紙の申請書に比べて電子申請の方が早期での支給が可能ですので、ご利用ください。
注1) 代理受給を希望される場合は、電子申請をご利用できません。紙の申請書をご提出ください。
注2) 電子申請または紙の申請書どちらか一方での手続きをお願いいたします。（紙の申請と重複して申請された場合、確認作業が生じるため、給付まで多くの時間を要します。よくご確認のうえ申請してください。）
※重複で申請された場合、申請日が遅い方の内容で処理する場合があります。



↑申請のお手続きはこちらから

事務局使用欄（記入不要）
不足額給付1

1 Mangyaring isulat ang **petsa** ng pagsusumite, pati na rin ang **pangalan at tirahan** ng tatanggap ng ayuda. Kung mayroong representative na siyang tatanggap, mangyaring isulat ang pangalan at tirahan ng representative.

* Kung tatanggihan ang pagtanggap ng ayuda, mangyaring isulat ang “Tatanggi” sa puwang para sa pangalan ng benepisyaryo at ipadala ito pabalik sa amin. Mangyaring siguraduhing isulat ang **numero ng telepono** (kung maaari, numero ng cell phone) kung saan kayo maaaring makontak mula 9:00 am hanggang 5:00 pm sa weekday dahil maaaring tiyakin namin sa telepono kapag nagkaroon ng kakulangan at iba pa sa impormasyon sa application form.

2 • Mangyaring ilagay ang bank account ng benepisyaryo o ng taong kinilala bilang representative sa “3” Kung mayroong representative na siyang tatanggap (authorization letter).
• Mangyaring ilakip sa likuran ng application form ang larawan atbp. ng passbook o bank card, o net banking kung saan makukumpirma ang pangalan ng may-ari ng account, pangalan ng pinansyal na institusyon, pangalan ng branch, klasipikasyon, numero ng account, at pangalan ng may-ari ng account (katakana).

3 Kung mayroong representative na siyang tatanggap, mangyaring ilagay ang petsa ng pagsusumite, pangalan at tirahan ng benepisyaryo, pangalan at tirahan ng representative, relasyon sa benepisyaryo, at numero ng telepono na maaaring matawagan ang representative sa pagitan ng alas 9:00~17:00 kapag weekdays.

[Taong maaaring tumanggap bilang kinatawan]

1. Kamag-anak
2. Legal na kinatawan (tagapag-alaga ng nasa hustong gulang, tagapangasiwa o may-takdang tagapag-alaga)
3. Iba pa (taong nakipagkasunduan para maging kinatawan ng mismong tao (samahan ng tagagarantiya atbp.))

* Kung nais na kinatawan ang tumanggap, kinakailangan ang kopya ng ID ng benepisyaryo at kinatawan (insurance card o certificate, lisensya sa pagmamaneho atbp.), at pagsusumite ng kopya ng dokumento kung saan makukumpirma ang relasyon sa taong tatanggap.

* Sa [3. Iba pa] na nakasulat sa itaas, mangyaring makipag-ugnayan sa call center (☎050-3135-3260).

(1) Pinansyal na institusyon (liban sa Japan Post Bank o Yucho ginko)

Kung account sa bangko (liban sa Japan Post Bank o Yucho ginko), Shinkin bank o iba pang pinansyal na institusyon ang itatalaga

Pangalan ng may-ari ng account

Pangalan ng pinansyal na institusyon at Pangalan ng branch

Klasipikasyon at account number

出題者のデザインは金融機関により多少異なります。

(2) Japan Post Bank

Kung account sa Japan Post Bank ang itatalaga

Code number at account number

Pangalan ng may-ari ng account